



# Mga Karapatang Pantao sa British Columbia: Ano ang mga kailangan mong malaman



Ginawa ang fact sheet na ito upang matulungan kang maunawaan ang mga karapatang pantao sa BC. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong kalagayan, mangyaring kontakin ang **BC Human Rights Clinic**. Makukuha ang impormasyon kung paano sila makokontak sa huling bahagi ng fact sheet na ito.

May batas sa British Columbia upang protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao. Ito ay tinatawag na *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao sa BC* o ang *Alituntunin (BC Human Rights Code or the Code)*. Sa BC, ang *Alituntunin* ay makakatulong na maprotektahan ka mula sa diskriminasyon at panliligalig (harassment). Nagpapahintulot ito sa iyong magsampa ng reklamo sa **BC Human Rights Tribunal** kung may paniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon.

Pinoprotektahan ka rin ng *Alituntunin* mula sa **paghihiganti** kung may ginawa ka o nag-iisip kang gumawa ng isang reklamo, o kung ikaw ay kasangkot dito sa anumang paraan. Itinuturing na isang **paghihiganti** kapag may taong nagnanais na saktan ka o gumanti sa iyo.

## \* Paano ako pinoprotektahan?

Sa BC, pinoprotektahan ka sa ilalim ng *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* kung ang dahilan ay isa sa mga personal na katangiang sakop ng *Alituntunin*. Ang mga katangiang pinoprotektahan ay nakalista sa ibaba.

Sa BC, labag sa batas ang diskriminasyon o panliligalig sa isang tao dahil sa kanyang:

- lahi, kulay, lipi, lugar na pinagmulan
- relihiyon
- marital status o kung may-asawa man o wala
- katayuang pampamilya (hindi akma kapag bumibili ng ari-arian)
- pangkatawan o pangkaisipang kapansanan
- kasarian (kabilang ang lalaki, babae, intersexed o transgender. Kasama rin dito ang pagbubuntis, pagpapasuso, at sekswal na panliligalig)
- sekswal na oryentasyon (kabilang ang pagiging heterosexual, bakla, lesbian o bisexual)
- edad (19 na taon gulang at mas matanda, hindi akma kapag bumibili ng ari-arian)
- kasong kriminal (akma lamang para sa trabaho)
- pampulitikang paniniwala (akma lamang sa trabaho)
- legal na pinagkukunan ng kita (akma lamang sa pag-upa)

## \* Saan naaakma ang *Alituntunin*?

Sakop ng *Alituntunin* ang lahat ng mga negosyo, mga ahensya, at mga serbisyo sa BC, maliban sa mga pinangangasiwaan ng pamahalaang pederal. Pinoprotektahan nito ang mga tao mula sa diskriminasyon na nangyayari sa trabaho, sa tindahan o restawran, o sa pagitan ng nagpapaupa (landlord) at umuupa (tenant).

Pinoprotektahan nito ang mga tao laban sa diskriminasyon sa mga nakaimprentang publikasyon. Pinoprotektahan din nito ang mga taong

naghahanap ng trabaho, nais na umupa, at bumibili ng ari-arian.

## \* Ano ang diskriminasyon?

Sa British Columbia, itinuturing na diskriminasyon kung ikaw ay tinatrato nang masama o pinagkaitan ng isang benefit dahil sa isang personal na katangian.

### Mga halimbawa ng diskriminasyon

- Pagpapaalis sa isang babae sa trabaho dahil siya ay buntis
- Pagtanggap magpaupa ng apartment sa isang mag-asawa dahil sila ay lesbian o bakla
- Pagtanggap mag-hire ng isang tao dahil sa isang pangkatawan o pangkaisipang kapansanan
- Pagbayad ng mas mababang suweldo sa isang babae kaysa sa isang lalaking may kaparehong trabaho
- Pagpilit sa isang empleyado na magretiro dahil sa edad niya

## \* Ano ang panliligalig?

Ang panliligalig ay isang uri ng diskriminasyon. Maaaring ito'y mga salita o mga pagkilos na nakakasakit ng damdamin o nagdudulot ng panghihiya sa iyo. Itinuturing na panliligalig kapag may isang taong paulit-ulit na nagsasabi o may ginagawang mga bagay na nakakainsulto at nakakasakit sa iyo. Pinoprotektahan ka ng *Alituntunin* kapag ang panliligalig ay batay sa isang katangiang nakalista sa ilalim ng "Paano ako pinoprotektahan". May iba't ibang uri ng panliligalig.

### Mga halimbawa ng panliligalig

- mga hindi kanais-nais na sekswal na pagpapahiwatig o mga kahilingan
- mga hindi kanais-nais na paghipo o pagdantay sa katawan
- pagtitig o pagsasabi ng mga hindi nakanais-nais na puna tungkol sa katawan ng isang tao
- mga pagbibirong batay sa kasarian, sekswal na oryentasyon, o mga pag-stereotype sa lahi
- mga puna at pagbibirong nakakainsulto sa tao dahil sa kanyang kasarian, pagbubuntis, lahi o pangkatawan o pangkaisipang kapansanan

## \* Ano ang Tungkulin na Tumulong (Duty to Accommodate)?

Ang mga tagapag-empleyo, mga nagpapaupa, at mga taong nagbibigay ng pampublikong serbisyo sa publiko ay dapat magsumikap na tugunan ang mga personal na katangiang pinoprotektahan sa ilalim ng *Alituntunin*. Ito ay tinatawag na **tungkulin na tumulong**. Ang pagbibigay ng tulong ay batay sa mga espesipikong kalagayan.

Halimbawa, maaaring kinakailangan ng isang tagapag-empleyo na:

- magbigay sa isang tao ng mga karagdagang training
- mag-adjust ng isang iskedul ng trabaho
- iakma o bumili ng mga kagamitan
- baguhin ang tungkulin ng isang empleyado

Ang ibig din sabihin ng **tungkulin na tumulong** ay may legal na tungkuling

iakma ang isang patakaran, gawain o serbisyo. Halimbawa, dahil sa pangangailangan ng isang taong nakatatanda ay maaaring kinakailangang iakma ang mga karaniwang gawain para sa edad ng taong iyon. Ang pagtanggap gawin ang mga nasa katuwirang hakbang na iyon ay maaaring isang pagdiskrimina maliban kung ang mga hakbang na kailangang gawin ay magiging sanhi ng **di-nararapat na kahirapan (undue hardship)**.

Ang **tungkulin na tumulong** ay responsibilidad ng tagapag-empleyo, nagpapaupa, o sinumang taong nagbibigay ng pampublikong serbisyo.

### \* Ang intensyon ba ay mahalaga?

Ang diskriminasyon ay hindi kailangang **sinasadya o intensyonal** upang maging labag sa batas. Ito ay nangangahulugan na kahit na ang taong responsable para sa mga pagkilos o pananalita ay walang intensyong masama, ito ay diskriminasyon pa rin alinsunod sa batas.

### \* Paano ko malalaman kung ang aking reklamo ay may kinalaman sa mga Karapatang Pantao?

Upang gumawa ng isang reklamo sa ilalim ng *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao*, **ang lahat ng mga sumusunod** ay dapat na katotohanan:

- ✓ Ikaw ay trinato nang masama o tinanggihang bigyan ng isang benefit.
- ✓ May ugnayan ang naging paraan ng pagtrato sa iyo (nang masama o pagtanggap bigyan ng benefit) sa isa sa mga personal na katangiang pinoprotektahan ng *Alituntunin* - tulad ng iyong lahi, kulay, paniniwala sa relihiyon, kasarian, pangkaisipan o pangkatawag kapansanan, o sekswal na oryentasyon
- ✓ Ang pagtrato ay naganap sa isang insidente tulad ng sa trabaho, tindahan o restawran, o sa pagitan ng isang nagpapaupa at umuupa.

Dapat mong isampa ang iyong reklamo sa loob ng anim na buwan matapos na mangyari ang insidente. (Tandaan: May ilang mga hindi kasali sa nakatakdang panahong ito.) Ang pagsasampa ng reklamo ay nagsisimula sa isang legal na prosesong katulad ng proseso sa hukuman. Ang taong nagsasampa ng reklamo ay kinikilala bilang **nagreklamo (complainant)**.

### \* Pagharap sa diskriminasyon at panliligalig

May mga espesipikong hakbang na maaari mong gawin kung ikaw ay dinidiskrimina o nililigalig.

- Kung ligtas na gawin ito, sabihin mo sa taong gumagawa nito na ang kanyang mga pagkilos o mga pananalita ay hindi katanggap-tanggap at hilingin sa kanyang ihinto ito.
- Panatilihin ang isang nakasulat na talaan ng kung ano ang eksaktong nangyari at kailan, at kung ano ang sinabi.
- Kung ang diskriminasyon o panliligalig ay nangyari sa trabaho, sa iyong apartment, o sa isang tindahan o restawran, hilingin sa iyong tagapag-empleyo o nagpapaupa o manager na gawan ng solusyon ang bagay na iyong inireklamo.
- Gamitin ang internal na mga proseso ng pagreklamo upang magsampa ng reklamo sa trabaho o paaralan. Halimbawa, kung ang diskriminasyon o panliligalig ay nangyari sa trabaho at miyembro ka ng isang unyon, humingi ng tulong sa kinatawan ng iyong unyon.

### \* Saan ako maaaring humingi ng tulong?

Ang **mga nagreklamo** saan mang panig ng probinsiya ay maaaring makakuha ng impormasyon sa **BC Human Rights Clinic**. Ang mga kawani sa Clinic ay maaaring tumulong sa iyong maunawaan ang *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* o harapin ang isang reklamo sa karapatang pantao sa probinsiya. Maaaring kwalipikado ka para sa iba pang mga uri ng serbisyo. Kausapin ang isang kawani sa Clinic upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

#### BC Human Rights Clinic

300-1140 West Pender Street, Vancouver, B.C. V6E 4G1

Telepono: 604 622-1100

Tawagan nang libre ang: 1 855 685-6222

Fax: 604 685-7611

Online: [www.BCHRC.net](http://www.BCHRC.net)

Kapag ang isang tao ay nagsampa ng reklamo laban sa iyo, ikaw ay ang taong **sumasagot (respondent)** sa reklamo. Ang **mga taong sumasagot** saan mang panig ng probinsiya at ang mga taong **nagreklamo** sa Victoria-area ay maaaring makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkontak sa:

#### University of Victoria

Law Centre Clinical Law Program

Suite 225 – 850 Burdett Avenue, Victoria, B.C. V8W 1B4

Telepono: 250 385-1221

Tawagan nang libre ang: 1 866 385-1221

E-mail: [reception@thelawcentre.ca](mailto:reception@thelawcentre.ca)

Maaari kang idirekta sa **BC Human Rights Tribunal** upang isampa ang iyong reklamo.

#### BC Human Rights Tribunal

Suite 1170 – 605 Robson Street, Vancouver, B.C. V6B 5J3

Telepono: 604 775-2000

Tawagan nang libre ang: 1 888 440-8844

TTY (para sa may kapansanan sa pandinig): 604 775-2021

Online: [www.bchrt.gov.bc.ca](http://www.bchrt.gov.bc.ca)

*Ang information sheet na ito ay ginawa para mapagkunan ng pangkalahatang impormasyon lamang. Ito ay hindi kapalit ng legal na payo.*